# Pagdarasal ng Panalanging Kasinglaki ng Diyos, Panalanging Nagpapayanig sa Impiyerno

**A Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni: Techie M. Rodriguez, Elder-Founder

Mayo 9, 2026

Bilang mga Kristyano, marami tayong privilege: Ang Diyos ay laging kasama natin (Mt. 28:20); pinapalakas Niya tayo; pinatatawad Niya ang ating mga kasalanan; ginagawa Niya tayong buhay na liham ni Kristo; ibinibigay Niya ang susi ng Kanyang kamalig. Higit sa lahat, bilang anak ng Diyos (Rom. 8:15; Jn.1:12), ang ating pinakamatamis na privilege ay pakikipag-usap natin sa Kanya sa pangalan ni Jesus. Dagdag pa nito, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, may kapangyarihan tayong manalangin ng kasinglaki ng Diyos/panalanging nagpapayanig sa impiyerno.



1. **Ang panalangin ay may kapangyarihang magpabago ng tao at bagay.**
   1.1. Napakalaki ng ating magagawa kapag tayo'y nananalangin. Sa isang mundong abala, tayo ay nag-aalala at nababalisa sa maraming bagay; hindi natin dapat kaligtaan ang panalangin. Kung hindi, binubuksan natin ang pinto para kay satanas para salakayin tayo; maghahatid siya ng lahat ng uri ng kapahamakan at sirain ang ating kapayapaan. Samantalang kung tayo'y nakikipag-usap sa Diyos, pinapaalala Niya ang sinabi noon.
   1.2. Maraming makapangyarihang bagay ang nangyayari kung ang bayan ng Diyos ay tumatawag sa Kanya nang may pananampalataya.
   1.3. Sa harap ng ating mga kaaway, at hindi alam ang gagawin, ituon natin ang ating paningin sa Diyos; Siya ang sandigan ng ating papanalig.

2. **Napakaraming pangako ang Diyos sa atin** (Jer. 33:3).
   2.1. Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga ang inilaan ng Diyos para sa atin. Alam Niya ang ating kailangan (Jer.32:17, Mk. 11: 22-24).
   2.2. Kumikilos ang Diyos sa pinakahuling sandali, sa cul-de sac (sa dulo ng daan). Nais Niyang makita kung ang ating pananampalataya ay tatagal.

3. **Mga makapangyarihang panalangin:**
   3.1 Si Haring Jehoshaphat ay haring kinalugdan ng Diyos (2 Chron. 20: 20-22). Gayundin, dapat na nating itigil ang pagrereklamo at sa halip awitan ang Diyos ng, "God will make a way…"
   3.2 Si Daniel ay walang kapintasan at nagdarasal tatlong beses sa isang araw (Dan. 6:5-11), sinuway ang kautusang nagbabawal manalangin. Kaya, itinapon siya sa kulungan ng mga leon ngunit hindi siya ginalaw ng leon. Tulad ni Daniel, magkaroon tayo ng personal na relasyon sa Diyos.
   3.3 Si Elijah ay taong mapagdasal. Bilang matapat na tao ang kanyang mga panalangin ay makapangyarihan (Jas. 5:16-18). Nanalangin siya para sa ulan at tumugon ang langit.
   3.4 Si Pedro ay nagpagaling sa isang lumpong pulubi (Acts 3). Maaari ring tayong gamitin ng Diyos upang magpagaling sa ngalan ni Jesus.
   3.5 Sa harap ng Sanhedrin, marami ang sumampalataya kay Jesus dahil sa tapang na patotoo nina Pedro at Juan na muling nabuhay si Jesus (Acts 4).
   3.6 Ngayon, sa gitna ng mga pagsubok na tila wala ng pag-asa, napakahalagang alalahanin natin na ang Panginoon ay may kapangyarihang magsalita sa ating mga suliranin at sila ay gagalaw; maaari rin nating kausapin ang ating "bundok" at palayasin sila.
   3.7 Dumating ang Banal na Espiritu noong Pentecostes (Acts 1:13-14; Acts 2). Tayo rin ay mapupuspos ng Banal na Espiritu kung may pagkakaisa sa panalangin na may iisang puso at iisang isip.

**Konklusyon:** Kung masaya tayong nakikipag-usap sa Diyos at nakikinig sa Kanyang **salita**, magkakaroon tayo ng tunay na pagpapala, kaligayahan at kapayapaan. Hindi tayo makararanas ng pagkatuyo sa espiritu dahil si Jesus ay ang Tubig na Buhay (Jn. 4:10). Bilang mga anak ng Diyos, maaari tayong lumapit sa ating Ama anumang oras; Siya ay laging handang makinig.

**Pagninilay**: Excited ka bang makipag-usap sa Diyos tuwing umaga? Hinahanap mo ba Siya? Nagpapasalamat ka ba sa Diyos araw-araw sa hanging iyong hinihinga, sa iyong kalusugan, sa iyong probisyon?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida Cruz
Na-edit ni: Vera Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digest
Tags: #Panalangin#Relasyon